



## Halina, Espiritu ng Kapatawaran



(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 2:1-11)

#### *Sa loob ng silid*

<sup>1</sup>NANG sumapit ang araw ng Pentekostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. <sup>2</sup>At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo’y hangunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. <sup>3</sup>May nakita silang wari’y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. <sup>4</sup>At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba’t ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

#### *Sa labas ng silid*

<sup>5</sup>May mga Judiong buhat sa iba’t ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. <sup>6</sup>Nang marinig ang ugong na ito, nagdatingan ang maraming tao. <sup>7</sup>Namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, “Hindi ba Galileo

silang lahat? <sup>8</sup>Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? <sup>9</sup>Tayo’y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. <sup>10</sup>Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahan mula sa Roma, maging mga Judio at mga naakit sa Judaismo. <sup>11</sup>May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos?”

*Tema: Napuspos ng Espiritu*

### PAGPAPALIWANAG

- Pentecost=50 na araw pagkatapos ng Pagkabuhay.
- Dalawang bahagi ang pagbasa: Una ay ang nangyari sa loob ng silid; Pangalawa ay ang nangyari sa labas ng silid.
- Sa loob ng silid ay naroon ang mga apostoles.

Ang Banal na Espiritu ay ipinupuspos sa pamamagitan ng isang tunog (naririnig) at dila ng mga apoy (nakikita). Resulta: ang mga apostoles ay nakakapagsalita ng iba't ibang mga wika (glossolalia).

- Sa labas ng silid ay may mga debotong mga Judio mula sa iba't ibang dako ng mundo. Nagkatipon tipon sila dahil sa kanilang narining na ugong. Ang kanilang reaksyon? Nalilito sila, namangha, nabalisa. (narinig nila silang nagsalita ng iba't-ibang wika), at nagtatanong: Paanong itong mga taga Galilea ay nagsasalita ng aming mga wika?
- Ang iba't ibang mga taong nabanggit ay tumatayong mga representatibo ng mga komunidad na pangdaigdigang sa panahong iyon. Ito ay maaring maipakita sa mapa ng sinaunang Simbahang Kristiyano.

### **PAGNINILAY**

Ang pagpuspos ng Espiritu Santo ay napataon sa Araw o Piyesta ng Pentekostes (Piyesta ng mga Linggo, pinangalanang ganito dahil ito ay pagkatapos ng 50 na araw nang ginanap ang seremonyas sa pag-ani ng mga “barley”. Ang piyestang ito ay nagtatalaga ng simula ng Pag-aalay ng mga Unang Ani.)

Kaya sa panahong ito ang mga Judio sa iba't ibang dako ng mundo ay pumupunta sa Jerusalem upang idaraos ang piyestang ito. Ang Ex 23:14-17; 34:18-24 naghihimok sa mga sumasamba sa Panginoon (Yahweh) na umakyat sa Jerusalem sa Piyesta ng Tinapay na walang Pampaalsa (Passover), Mga Linggo (Pentekostes), Kubol (Succoth, Tabernakulo).

Kung tayo ay napuspos ng Espiritu Santo, magagawa ba natin ito?

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 103)**

**ESPIRITU MO'Y SUGUIN, POON,  
TANA'Y 'YONG BAGUHIN.**

**IKALAWANG PAGBASA** (1 Cor 12:3b-7, 12-13)

#### ***Dulot ng banal na Espiritu***

<sup>3b</sup>MGA kapatid: Hindi masasabi ninuman, “Panginoon si Jesus,” kung hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu Santo.

#### ***Iba't ibang kaloob, ngunit iisang Espiritu***

<sup>4</sup>Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito. <sup>5</sup>Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. <sup>6</sup>Iba't iba ang mga gawain ngunit iisa lamang ang Diyos na sumasalihat ng taong gumagawa ng mga iyon. <sup>7</sup>Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat.

#### ***Iba't ibang bahagi, iisang Katawan***

<sup>12</sup>Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan. <sup>13</sup>Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan. Tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.

**Tema: Muli, nakatoon sa Espiritu Santo**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Kung ikaw ay tigib ng Banal na Espiritu, magbabahagi at magpatototoo ka kay Hesus ng may buong kaayusan: “Si Hesus ang Panginoon!” Hindi mo Siya babastosin. Ang tamang pagpupuri ang tanda ng presensiya ng Banal na Espiritu.
- Bago nito, sa b. 2, sinasabi ni Pablo na “dinala kayong parang inalihan sa mga piping diyus-diyusan.” Pansinin ang salitang, pipi. Ang sumunod ay naglalarawan ng isang salungat nito: isang Diyos na nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At kabaliktaran din, ang mga tagapagsunod ni Kristo na binigyan ng lakas ng Espiritu na

magsalita.

- Iniisa-isa ni Pablo ang ibat ibang mga kaloob. Ang mga Kristiyano ay nagkakaroon ng ibang ibang mga talento at katangian dahil sa kaloob ng Banal na Espiritu (b. 28).

## PAGNINILAY

Binabago ng Banal na Espiritu ang ating mga pangsariling inusual. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, pinapatunayan natin na si Hesus, at hindi ang mga diyos-diyosan ang ating Panginoon.

Ang Espiritu Santo ang bukal ng ating mga kakayahan at talento. An gating mga kaloob at kakayahan ay kusang loob na binigay alang alang sa kapakanan ng pamayanang Kristiyano. Hindi dapat ito gamitin sa pagyuyurak ng ibang mga tao o ng ating mga sarili (kung tayo ay masyadong mayabang at palalo nito)

## MABUTING BALITA (Jn 20:19-23)

<sup>19</sup>KINAGABIHAN ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. <sup>20</sup>Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. <sup>21</sup>Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” <sup>22</sup>Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. <sup>23</sup>Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

*Tema: Ang Aksyon ng Banal na Espiritu*

## PAGPAPALIWANAG

- Pagkatapos niyang hiningahan ng Espiritu Santo ang mga apostoles, sinabi ni Hesus sa kanila, “Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga...”
- Isinugo ng muling nabuhay na Kristo ang mga apostoles na puspos ng Espiritu Santo at may misyon na magpapatawad ng mga kasalanan.
- Ito ba ang mismong Espiritu Santo na natanggap ng mga apostoles sa panahon ng Pentekostes? Opo, Ito nga!

## PAGNINILAY

Si Hesus, ang muling nabuhay na Kristo, ay nagpakita sa kanyang mga natatakot na mga tagapagsunod, sabay ang pagsabing, “Kapayapaan ang sumainyo.” Nais ni Hesus na maglaho ang kanilang takot at sa halip ay mananahan sa kanila ang kapayapaan. Ang sinumang nabubuhay na puno ng takot ay hindi nabubuhay ng mapayapa.

Ang mga kamangha-manghang pagpapakita ni Hesus ay nagbibigay ng kasiguraduhan sa mga tagapagsunod na sila ay nasa tamang dan ng paglalakbay sa kanilang buhay pananampalataya at sa kanilang pagsunod kay Hesus.

## II. PAG-UUGNAY

Isinalarawan sa Unang Pagbasa ang pagpuspos ng Banal na Espiritu sa hugis ng tunog at apoy. Ang Ikalawang Pagbasa ay nagsasaad kung ano ang ipinagkaloob ng Banal na Espiritu (kakayahan at talento). At ang Mabuting Balita ay naglalarawan ng isang Hesus na muling nabuhay at hiningahan niya ng Banal na Espiritu ang mga apostoles bago niya sila isinugo upang magpapatawad ng mga kasalanan.

### III. SALAMIN NG BUHAY

1. Bakit ang kapatawaran mula sa Diyos o sa isang kasama, o ang pagpapatawad sa iba ay isang karanasang lubos na mapagpalaya?
2. Ibahagi ang isang pagkakataon na ang pagpapatawad ang siyang naging sanhi o dahilan ng paglago ng inyong parokya. (HM)

*(Pangwakas na Panalangin)*

### BIBLE APOSTOLATE LECTURE SAN ROQUE PARISH, *Cabrera St., Pasay City* SABADO, 7:30 PM - 9:00 PM

**JUNE 16, 2018- Fr. Dindo Purto, SSP.**  
PROPHETS

**JULY 21, 2018- Br. Hansel Mapayo, SSP.**  
WRITINGS OR WISDOM LITERATURE

**AUGUST 18, 2018-Fr. Khris Llacer, SSP.**  
GOSPELS

**SEPTEMBER 15, 2018-Fr. Gil Alinsangan, SSP**  
PAULINE LETTERS AND HEBREWS

#### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman*

#### VERBUHAY (Filipino Edition)



#### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...*

*(mula sa Prayers of the Pauline Family)*